

Ang iyong kit na 'Maghandang Lumisan'

PAANO MAGHANDA NG KIT
PARA SA MGA PAGLIKAS

Dahil sa lalim at panganib ng mga pagbaha sa Hawkesbury-Nepean Valley, kapag nagpalabas sa iyo ng Kautusang Lumikas, maaaring mayroon kang ilang oras lamang para lumikas.

Bakit kailangan mo ng kit

- Isang malaking pagbaha sa Hawkesbury-Nepean Valley ay magiging sanhi ng pinsala sa mga tahanan ng mga tao. Ito rin ay magiging sanhi ng mahahalagang pagputol sa kailangang-kailangang mga serbisyo tulad ng tubig, kuryente, gas, kalsada at mga linya ng tren.
- Sa sandaling malaman mo na maaaring mapektuhan ng baha ang iyong propyedad, maaaring napakaunti na lang ng oras bago ka makalikas. Isang mahalagang hakbang sa paghahanda para sa mga pagbaha (o para sa anumang iba pang likas na panganib) ay ang paghanda ng kit na Maghandang Lumisan (Get Ready to Go kit).
- Dapat naglalaman ang kit ng kakailanganin mo sa paglikas at pagkatapos makalikas, ikaw man ay pupunta sa kapamilya at mga kaibigan, o sa isang sentro ng paglikas (evacuation centre).

Ano ang gagawin sa ngayon



Mag-scan, kumuha ng litrato o mag-upload sa Cloud sa internet ng mahahalagang rekord at mga dokumento (seguro, ID, mga pasaporte atbp)



Ilagay ang mahahalagang impormasyon ng kontak sa iyong mobile phone (halimbawa doktor, kuryente at tubig atbp)



Kunan ng litrato o i-scan ang mga reseta ng gamot



Suriin ang cover ng polisiya sa seguro ng iyong tahanan at mga nilalaman nito

Ano ang maaari mong ilagay sa iyong kit nang mas maaga



Nabibitbit na radyo na may ekstrang mga baterya



Flashlight na may ekstrang mga baterya



First aid kit (na may mga suplay na kailangan para sa iyong sambayanan)



Mga kandila at waterproof na mga posporo



Mga suplay para sa pansariling kalinisan



Waterproof na bag para sa mga mahahalagang bagay tulad ng mahahalagang dokumento (halimbawa mga pasaporte o seguro) at mga mahahalagang bagay (mga larawan, alahas atbp.)

Ano ang idadagdag sa iyong kit na Maghandang Lumisan kung lilikas na



Ilang mga laruan o pampamilyang mga game



Sapat na suplay ng kinakailangang mga gamot



Anumang natatanging mga kinakailangan at suplay para sa mga sanggol, mga may kapansanan, mga nanghihina at/o matatanda



Sariwang pagkain at tubig na maiinom



Angkop na kasuotan at sapin sa paa na maraming pagpapalitan para sa lahat ng miyembro ng sambayanan



Mobile phone at charger



Para sa mga alagang hayop at mga hayop kailangan ng hiwalay na kit:

Isaalang-alang ang pamigil (restraint) at pambitbit, pagkain, tubig, pang-kubeta, mga gamot, first aid, matitirahan at higaan:



Mga kulungan ng hayop o mga pambitbit ng alagang-hayop para sa bawat hayop; o



Mangkok o baldeng kainan; abrilata at kutsara



Litter at litter tray para sa mga pusa



Busal at tali; o pang-akay na lubid at kuwelyo para sa bawat hayop



Lanang kumot, mga tuwalya o higaan



Poo bag para sa mga aso



3 - 7 araw na pagkain at tubig para sa bawat hayop



Mga gamot ng hayop at first aid na mga bagay



Mga laruan ng alagang-hayop



Kunan ng litrato ang sertipiko ng pagbabakuna ng iyong alagang hayop

Pagpapanatili at pagtatabi ng iyong kit

Ang iyong kit ay dapat itabi sa isang waterproof na lalagyan sa imbakan at itabi sa ligtas na lugar na madaling ma-access.

Regular na suriin ang iyong kit na Maghandang Lumikas (tandaan na suriin ang mga petsa ng pagkawala ng bisa sa mga baterya at mga gamot) at palitan ang stock kung kinakailangan.

Magtabi rin ng listahan ng mga numerong pang-emerhensiya na malapit sa iyong telepono o sa iyong fridge.